


Senior High School



Filipino sa Piling Larang (Isports)

Ikalawang Markahan-Modyul 8: Etika sa Sports Journalism



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Filipino sa Piling Larang (Isports)
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 8: Etika sa Sports Journalism
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Mary Jane G. Pensocas
Editor:	John Albert B. Colle
Tagasuri:	Mariel Eugene L. Luna
Tagaguhit:	Mary Jane G. Pensocas
Tagalapat:	May L. Borjal
Tagapamahala:	Malcolm S. Garma Dr. Jennifer F. Vivas Dennis M. Mendoza Micah S. Pacheco Madeline Ann L. Diaz Dr. Gina U. Urquia Mariel Eugene L. Luna

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – NCR

Office Address: Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
Telefax: 02-929-0153
E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

Senior High School

Filipino sa Piling Larang (Isports)

Ikalawang Markahan-Modyul 1: Etika sa Sports Journalism



Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Isports) - Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Etika sa Sports Journalism**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayanang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap Filipino sa Piling Larang (Isports) - Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Etika sa Sports Journalism**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawanang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin


Ang araling ito ay magpapakita ng mga kahalagahan at kaalaman ng etika sa sports journalism.

Tatalakayin sa modyul na ito ang sumusunod:

1. Ang Etika sa Sports Journalism
2. Ang Mga Pamantayan sa Etika sa Sports

Sa araling ito, matutuhan mo ang mahahalagang bagay na makatutulong sa iyong pag-aaral. Inaasahang malilinang mo ang kasanayang ito:

- Naipaliliwanag ang kahalagahan, kalikasan, at proseso ng piniling anyo ng sulating pang-isports (CS_FI11/12PS-0j- 1-94)
- Naisasaalang-alang ang etika sa binubuong sulating pang-isports (CS_FI11/12PU-0m-o-101)



Subukin

Panuto: Isulat ang ETIKAL kung etikal ang mga ibinigay na sitwasyon sa mga pangungusap at DI-ETIKAL naman kung hindi wasto.

- _____ 1. Hindi sigurado si Mike sa isinulat niyang balita tungkol sa isang sikat na manlalaro ng paaralan. Sa halip na isangguni ito sa kanilang *editor-in-chief* ay agad niya itong isinapubliko.
- _____ 2. Naatasan si Anna na kumuha ng mga litrato ng mahahalagang nangyari sa Intramurals ng paaralan para sa pampahayagang pangkampus. Upang mapabilis ang gawain ay kinuha niya ang ilang larawan sa *Facebook account* ng kaniyang mga kaibigan at hindi kinilala ang pinagkunan nito.

- _____ 3. Si Marie ay kabilang sa volleyball committee ng kanilang paaralan, subalit sa tuwing nakakapuntos ang kaniyang matalik na kaibigan ay hindi niya mapigilang sumigaw at magpakita ng suporta sa koponan nito.
- _____ 4. Bago inilimbag ni Aaron ang kaniyang isinulat tungkol sa naganap na *exhibition game* ng kanilang koponan sa ibang paaralan ay sinuri at pinag-aralan niya muna itong mabuti.
- _____ 5. Hindi tinanggap ni Paulo ang libreng ticket dahil kakabit nito ang kasunduang ibibida niya sa isang online sports journal ang koponan ng isang paaralan na kalahok sa Inter-School Sports Competitions.

Etika sa Sports Journalism

Bilang isang indibidwal, mahalagang maunawaan ang salitang etika at ang kabuluhan nito sa buhay ng tao. Sa anumang larangan o gawain may sinusunod na mga pamantayan na dapat isaalang-alang.

Sa larangan ng sports, higit pa sa pagsulat ng artikulo at pag-iinterbyu sa mga manlalaro ang tungkulin ng isang *sports journalist*. Kailangan din niyang matutuhan ang pagiginag responsable sa gawaing ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga etika ng journalism.

Ang pagiging sports journalist ay isang hamon at pakikipagsapalaran, kung kaya't kailangang sundin ang ilan sa mga etika upang makaiwas sa pagkakamali na maaaring mauwi sa demanda, tulad na lamang ng kalaswaan (obscenity), paninirang-puri (libel) invasion of privacy, copyright violation, at iba pa.

Kailangan isapuso ang mga etikang ito sapagkat ang pagiging responsableng journalist ay hindi biro. May kasabihan nga na “*ethical behavior isn’t governed by law but governed by you.*”



Balikan

Panuto: Magbigay ng ilang mahahalagang dapat isaalang-alang sa pagsasagawa ng interbyu sa isang kilalang manlalaro.

1.

2.

3.

4.

5.



Mga Tala para sa Guro

Tandaan: Tiyaking nauunawaan at masunod ng mga mag-aaral ang mga panuto sa pagsasagot. Makatutulong kung basahin munang mabuti ng mga mag-aaral ang lahat ng bahagi at panuto bago ito simulan. Ipinaaalala rin ng guro ang pagpapahalaga sa katapatan sa pagsasagot at pagwawasto nito.



Tuklasin

Ang Etika sa Sports Journalism

Ang etika ay tumutukoy sa mga pamantayan para sa kung ano ang tama o maling pag-uugali at kung paano ito tinatanggap ng lipunan. Upang maiwasan ang pagkakaroon ng pangit na reputasyon sa pamamahayag, dapat na isaalang-alang ng manunulat ang sumusunod na etika na inilahad ng Society of Professional Journalists (2014):

1. **Saliksikin at iulat ang katotohanan.** Ang mga journalist ay kailangang maging tapat, patas, at masigasig sa pagkalap at paghahatid ng mga balita. Tinitiyak din niya na wasto at walang pinapanigan ang paraan niya ng pagbabalita.
2. **Iginagalang ang kapwa.** Iginagalang ng isang journalist ang kaniyang kapwa lalo na ang mga taong sangkot sa kaniyang pagbabalita. Kailangan ding niyang alamin ang kaniyang limitasyon, lalo na sa usapin ng privacy, kung hanggang saan lamang ang maaari niyang ibalita lalo't kung pribadong buhay ang sangkot.
3. **Walang obligasyon sa iba.** Bilang isang journalist, kailangang iwasan ang pagtanggap ng mga regalo, pabor, bayad, at kung ano-ano pa, gayundin ang pagkakaroon ng conflict of interes sa iba.
4. **May pananagutan.** May pananagutan ang isang journalist sa kaniyang mambabasa, tagapakinig, at manonood kung kaya't kailangan niyang pahalagahan ang paglilingkod dito. Ibabalita lamang niya ang mga bagay na napatunayan niyang totoo at hindi base lamang sa haka-haka.

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa mga etika sa journalism na maaari ding gamiting gabay bilang etika sa sports. Kaugnay nito, inilahad naman sa artikulong "*Ethics: Sport Writers can't act like fans*" na taliwas sa iniisip ng iba ang Gawain ng isang isports journalist. Hindi ito tungkol sa pakikisalamuha sa mga paboritong manlalaro upang makakuha ng libreng ticket o jersey, at lalong hindi upang suportahan ang paboritong koponan.

Sa halip kasama sa trabahong ito ang pagharap sa mga manlalro na kung minsan ay ayaw makipag-usap. Nangangahulugan din ito ng pagpunta nang maaga sa mismong event at pag-uwi nang huli upang makakakalap ng mga balita. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga tungkulin ng isang sports journalist.

Samantala binuo naman ng *Associated Press Media Editors (APME)* ang “*Statement of ethical Principles*” na maaaring maging gabay ng mga kasapi ng pamamahayag. Ito ay tungkol sa pagkakaroon ng responsibilidad, kawastuhan at integridad ng mga mamamahayag. Dapat ding hindi sila naiimpluwensiyahan ng iba.

Tinalakay dito na responsibilidad ng isang mabuting Samahan ng mamamahayag ang pagiging patas, tama, tapat, responsible, Malaya, at mapitagan. Kailangan din isaalang-alang ang kawastuhan ng pagbabalita at pag-iwas sa pagkiling o pagpapakita ng bias.

Inilahad ni *Steve wilstein* (2002) sa libro niyang *Sports Writing Handbook* ang mga pamantayan sa etika sa sports na binuo ng *Associated Press Sports Editors (APSE)* sanhi ng iskandalong naganap sa kalakaran ng sports.

Ang Mga Pamantayan sa Etika sa Sports


1. May nakalaang budget o pondo para sa mga kawani ng isang pahayagan para sa pagkain at inumin, pasahe sa mga biyahe, at kanilang mga tutuluyan o akomodasyon kung kaya't hindi nila kailangang tumanggap ng anuman mula sa iba.
2. Ang mga editor at reporter ay dapat umiwas na maging bahagi ng anumang gawain na hindi sakop ng kanilang tungkulin na maaaring maging sanhi ng conflict of interest gaya na lamang ng pagiging official scorer sa isang laro.
3. Ang mga reporter ay kailangan ding umiwas sa mga kasunduan, diskuwento, at mga regalo, maliban na lamang kung ito ay walang katumbas na halaga.
4. Hindi rin dapat tumanggap ang pahayagan ng mga libreng ticket maliban na lamang kung ito ay press pass o espesyal na pribilehiyo ng isang journalist.
5. Kailangan ding isaalang-alang ng pahayagan ang implikasyon ng pagboto para sa pagbibigay ng trofeo o awards kung ito ba ay lumilikha ng conflict of interes. Isang halimbawa nito ay ang pagboto sa magiging MVP ng isang liga.
6. Ang isang pahayagan ay kailangan ding magkaroon ng sariling etikal na pamantayan na dapat sundin.
7. Ang pagtatalaga ng mga gawain o assignment sa pagbabalita ay dapat ibase sa husay ng mamamahayag na walang bahid ng diskriminasyon sa lahi o kasarian.



Suriin

Panuto: Magtala ng mga mungkahing solusyon sa mga nakatalang sitwasyon.

Mga Sitwasyon	Mungkahing Solusyon
1. Paninirang-puri sa ibang tao	
2. Maling mga detalye o impormasyon sa isinulat na balita	
3. Pagtanggap ng pabor sa isang maimpluwensiyang tao sa sports	
4. Tahasang pagkopya ng isinulat na balita ng ibang manunulat.	
5. Pagbabago sa anyo ng isang larawan at pag-aangkin nito	



Pagyamanin

Magtala ng sampung (10) pamantayan o etika sa sports na maaaring maging gabay ng isang nagsisimula pa lamang magsulat bilang sports journalist.

Mga Pamantayan o Etika sa Pagsulat ng Isang Sports Journalist
1.
2.
3.
4.
5.




Isaisip

Panuto: Punan ng tamang salita ayon sa inyong pagkaunawa sa aralin upang mabuo ang pangungusap.


Sa tulong ng aking guro at sa pamamagitan ng modyul na ito, lubos ko nang naunawaan ang kahulugan ng Etika sa Sports journalism. Ito ay

Sa pamamagitan ng mga pamantayan sa Etika sa Sports mas



Isagawa

Panuto: Gamit ang T chart sa ibaba, Itala ang pagkakaiba at pagkakatulad ng etika sa sports journalism ng Associated Press Media Editors (APME) at ng Associated Press Sports Editors (APSE).






Tayahin

Panuto: Piliin ang letra ng pinakatamang sagot at isulat ito sa patlang.


- | | |
|----------------------------|-----------------------------------|
| A. Pagiging patas | D. Paggalang sa kapwa |
| B. May pananagutan | E. May paninindigan at integridad |
| C. Pagiging totoo at tapat | |

- ___ 1. Nagsusulat ng balitang sports nang may sapat na batayan.
- ___ 2. Isinasaalang-alang ang reputasyon ng isang manlalaro sa pagsulat ng balita.
- ___ 3. Umiiwas sa pagtanggap ng regalo o pabor sa iba.
- ___ 4. Iniisip ang kapakanan ng mga mambabasa.
- ___ 5. Hindi biased o walang kinikilingan sa pagbabalita ng mga pangyayari na naganap sa laro.



Karagdagang Gawain

Pansinin ang paraan ng pamamahayag sa larangan ng sports sa kasalukuyan. Mambabasa ng mga artikulo sa pahayagan at manood ng mga palabas sa telebisyon. Itala ang ilan sa mga maling etika na sa iyong palagay ay hindi nasunod batay sa ginawang talakayan. Sumulat ng isang maikling talata tungkol dito.



Susi sa Pagwawasto

Subukin
1.DI-ETIKAL
2.DI-ETIKAL
3.DI-ETIKAL
4.ETIKAL
5.ETIKAL

Tayahin
1.C
2.D
3.E
4.B
5.A

Mga Sanggunian

Orellana, Joel L. at Juanito N. Anot, Jr. (2017). Filipino sa Piling Larangan (Sports).
Manila: Rex Book Store.

Viola, Bennedick T. (2016). Filipino sa Piling Larangan (Isports). Malabon City:
Jimczyville Publications.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph